# Gabay sa Pagsingil ng Utang

Ito ay maikling gabay na nagbibigay ng payo sa ano ang mabuting gawin para makasingil ng utang. Ito ay magtuturo ng mga maayos na paraan na naaayon lang sa kalooban ng Panginoon. Hindi tayo gagawa ng masama.

## Ano ang Utang?

Linawin muna natin kung ano ang utang. Ang utang ay isang halaga ng pera na pinapahiram bilang pansamantalang pagtulong sa tao. Ito ay hindi pareho sa pagbigay. May sinasabi sa Bibliya at sa iba pang mga sagradong libro na dapat daw magpatawad sa mga nagkakautang sa atin pero hindi yan totoo sa lahat ng paraan. Ang konteksto ng pagkakasabi niyan ay may kaugnayan sa Jubilee at sa mga taong may utang na hindi makatarungan dahil may kaugnayan pa ito sa pagkaalipin. Hindi ito pareho sa panahon ngayon na nangungutang ang mga tao.

## Dapat ba Magpautang?

Wala tayong obligasyon na magpautang sa mga tao. Nasa sa atin lang kunggusto natin tumulong o hindi, pero tatandaan natin palagi na may risk na hindi na babalik sa atin ang perang hiniram ng mangungutang sa atin. So sinabi ko lang sa yo to para malinaw na hindi ka pinipilit o obligado ng kahit anong spiritual na batas na magpautang.

Ipapaalala ko ulit. Kung magpapautang ka, dapat handa kang mawala ang perang yun sa yo. Kasi hindi mo talaga masisigurado kung magbabayad ang tao o hindi.

## Paano maging mas ligtas sa pagpautang?

Ilagay mo sa kontrata ang halaga ng utang at ipapirma sa nangutang na yan ang babayaran niya. Mas maganda ipanotaryo din ang kontratang ito para mas may legal na kapangyarihan ang usapan niyo.

Bukod pa rito, pwede ka humingi ng seguridad na isasangla niya o iprenda sa yo para kung hindi siya makabayad sa halaga ng utang niya ay sa iyo na lang ang pagmamay-ari ng pinrenda niya.

## Dapat ba may Interes?

Ang utang ay pwedeng may interes o wala depende sa tao pero kung gusto mo talagang tumulong lang sa isang tao, walang interes ang utang kadalasan.

## Paano ba maningil sa utang?

Una, kausapin natin ng mabuti ang taong nangutang sa atin. May usapan naman tayo sa kanila na magbabayad sila, so dapat natin i-follow up yun para makabayad sila. Kadalasan, ang ginagawa naman na pagbayad sa utang ay ang installment or hulugan hanggang mabuo ang halaga ng kailangan bayaran. Kausapin mo sila ng matino at unawain mo din ang kaya nilang bayaran ayon sa ano ang kaya nila bayaran sa panahong yan.

## Paano kung umiiwas na sila?

Dito na tayo pwede magsimula ng diskarteng paghingi ng tulong sa mga santo na magbibigay sa atin ng hustisya. Para dito, gamitin niyo ang Dasal sa Pagsingil ng Utang para palambutin ang kanilang ulo, pakonsensyahin sila at hindi sila patulugin hanggang makabayad sila sa utang nila.

## Paano kung di pa din magbayad?

Ang Dasal sa Pagsingil ng Utang ay makakatulong para pakonsensyahin ang tao. Kung tumalab na ang dasal, magbabayad sila kung may pera sila o magsisikap gumawa ng paraan kung wala pa talaga silang pera. Minsan kasi mahihirapan na nga sila mag-ipon dahil may sumpa sila tungkol sa pera lalo na kung tumalab na ang malas nila dulot ng mga panloloko nila. Gayunpaman, kung hindi sila magbayad o makabayad, ang sisingilin sa kanila ay ang hindi sila makakatulog o di kaya mamalasin sila sa buhay nila. Ito ang Dasal:

## Dasal sa Pagsingil ng Utang

Isa itong dasal para makuha niyo ang pagpaningil sa utang ng nangutang sa yo. Kung may taong nangutang sa yo tapos hindi ka pinapahalagahan o kinakausap ng maayos sa pagsingil mo sa kanya, ganito ang gawin mo.

## Paano Gawin?

Hihingi ka ng tulong sa Diyos at kay Señor San Antonio de Padua. Si Señor San Antonio de Padua ang tagatulong sa mga taong inaapi. Ang sumusunod na dasal ay idasal kasama ng Gabay sa Pagdasal. Isasama niyo ito sa pangalawang bahagi ng Gabay sa Pagdasal (Paghiling / Paghingi).
Ang hihilingin natin ay ang palambutin ang puso ng taong nangutang sa atin para magbayad sila, makonsensya sila sa ginawa nila sa ating panloloko at hindi sila patulugin hanggang makabayad sila ng utang nila.

# Proseso:

1. Sindi ng kandila
2. Harap sa silangan
3. Luhod
4. Magdasal sa Diyos at kay Señor San Antonio de Padua na sana di patulugin

ang taong nangutang sa yo at pinapahirapan ka hanggang magbayad sila ng utang nila o gumawa ng paraan para pahalagahan ka.

5. Pwede mo lagay ang buong pangalan, birthdate o di kaya picture ng taong nangutang sa yo at ilista ang halagang inutang nila sa yo.

6. Amen, Hesus.
7. Hipan ang kandila para patayin ang kandila

# Karagdagang Magagawa:

Kung halimbawa ay ninakawan kayo at hindi niyo alam kung sino, pwede niyo ring gamitin ang FREE 3rd Eye Meditation na turo ko para matuklasan sino ang nagnakaw sa inyo. Hilingin niyo lang din sa Diyos bilang intensyon sa 3rd Eye Meditation ko at pati na rin sa araw-araw o gabi-gabi niyong pagdasal para malaman sino ang taong nagnakaw sa inyo. Maaaring makita niyo sa meditation mismo o sa panaginip.

# Paalala:

Kailangan siguraduhin niyong ang may kasalanan ang pinagdarasal niyong tao kasi kung kayo ang may kasalanan, kayo ang matatamaan ng pagdasal na ito. Ang lahat ng pagdurusa natin dito sa mundo ng tao ay pagsubok lang para sa atin kung mananatili ba tayong mabuti sa harap ng mga tentasyon. Wag tayong pumatay sa mga magnanakaw kasi tayo naman ang mapahamak diyan.

Mas ok na tayo ang nililoloko kesa tayo ang manloloko kasi silang manloloko ang mananagot sa Diyos, hindi tayo. Magpakabuti tayo para ang karma natin ay maging mabuti at mag-ingat palagi sa mga tao sa paligid para di tayo maloko. Palagi tayo magdasal para sa hustisya at mamuhay ayon sa karapatdapat, kahit ano pa man ang ginawa ng kapwa sa paligid natin.

Ang utang ay karapatdapat lang bayaran kasi ito ay binigay bilang pansamantalang tulong sa nangangailangan. Kung ang taong nagpautang naman ang nangangailangan, may karapatan naman siya maningil.

# Kung Gusto mo ng Mas Mabilis:

May option tayo na gawin ang Ritual sa Pagsingil ng Utang. May bayad ang ritual na ito at ang bayad ay nakadepende sa gaano kalaki ang sisingilin at gaano kalakas ang gusto mong kapangyarihan na ibuhos sa ritual. Ang ritual ay

mas matindi kesa sa dasal lang dahil may alay na buhay ng hayop at sakripisyo sa parte ng naniningil dahil may bayad ng pera na pinaghirapan sa pagsisikap.

Hihingi pa din tayo ng tulong kay Señor San Antonio de Padua sa pagsingil ng utang pero mas magiging malakas na lalo dahil binigyan natin siya ng karagdagang enerhiya sa pamamagitan ng alay sa ritual para makatulog sa pagpapatupad ng ating kahilingan.

Si Señor San Antonio de Padua kumbaga ang admin na in-charge sa department na ito ng buhay pero ang pinakapuno at dulo pa din na hinihingian natin ng tulong ay ang Panginoon.

Kung gusto mo ng tulong namin, pwede kami gumawa ng Ritual sa Pagsingil ng

Utang para mas palakasin ang panalangin mo dahil nga mag-aalay tayo ng

pagkain para mas marinig tayo sa ating mga hinihiling.

# Magkano ang Ritual?

May bayad po ang ritual ayon sa halaga ng sisingilin at kung gaano kalakas niyo gusto ang power ng ritual. Ang bayad ay 10% ng halaga ng sisingilin na babayaran bago ang ritual.

PM or Email ka po kung handa ka na magparitual:

https://m.me/siqhealers

support@siqhealers.com